

Ang Pagbabalik ng Panitikan sa Puso ng Sambayanan

Virgilio S. Almario

“PERFORMATURA.” GUSTO KONG magsimula sa pamamagitan ng pagpuna sa pamagat ng ating pagdiriwang. Bakit “performatura”? Saan bang wika nagmula ang “performatura”? Sa Latin? O bakâ likha lang ng malikot na isip ng pasimunong si Vim Nadera? Ipinaliliwanag ang pamagat ng subtitle na “Performance Literature Festival.” Pista ng Performance Literature. Palagay ko, malaki ang kaugnayan ng praseng “performance literature” sa pagkaimbento ng “performatura.” Neolohismo ng *performance* sa Ingles at *literatura* sa Español.

Nabása ko naman ang isang press release noong Lunes sa PDI, na nagsasabing ang literatura ay “intellectual” kono, kaya hindi nakaaakit sa sambayanan. Sa gayon, ang layunin ng *Performatura* ay gising ang interes ng mamamayan sa panitikan. At paano? Sabi ng press release, sa pamamagitan ng pagtataas sa “oral literature to the level of written literature.”

Palagay ko, napakaganda ng adhika ng *Performatura*. Pero masamá ang lohika ng press release. Una, hindi nakakaakit ng mambabasa ang kasalukuyang nakasulat na panitikan dahil sa maraming problema. Hindi dahil sa “intellectual” lámang. Marami ngang nakalathalang tula o kuwento na basura kaya di dapat mabása ng taumbayan. Ngunit ang pangunahing dahilan kaya hindi makabása ang mga ordinaryong Filipino ay dahil napakamahal ang libro. Dahil di nakararating ang libro sa baryo at probinsya. Dahil nakasulat sa wikang hindi nilá ginagamit. Dahil tungkol sa mga karanasang malayô sa kaniláng búhay. Atbp, atbp.

Sa kabilâng dako, hindi dapat maliitin ang panitikang pabigkas.

Maaaring di ito “intellectual” sa istandard ng mga edukado sa banyagang kultura at pilosopiya. Ngunit may tagalay itong mataas na uri ng karanungan. Karunungan higit na ninanais marinig ng bayan dahil hango sa kanilang karanasan at paniwala at nása wika at anyong minamahal nilá. Samak-atwid, ang layuning “to raise oral literature to the level of written literature” ay hitik sa aristokratang damdamin kung hindi baluktot na pag-unawa at pagpapahalaga sa panitikang pabigkas, lalo na ang mga tradisyonal na panitikang pabigkas.

Ang punto ko, ang buong pistang ito ngayon ay higit na dapat magadhikang ibalik ang panitikan sa puso ng sambayanan. At hindi maibabalik ang panitikan sa puso ng sambayanan sa pamamagitan ng “pagtataas” ng panitikang pabigkas sa antas ng nakasulat na panitikan.

Kailangan ang wastong pagpapahalaga at pagtingin sa panitikang pabigkas.

Halimbawa, suriin ang pamagat ng ating pista. Sinabi ko nang napa-kaganda; hitik sa malikhaing paglalaro sa salitá. Ngunit paglalaro sa dalawang banyagang wika. Táyo ring mga edukado lámang, kung sakali, and mapapangiti sa naturang laro. Paano kaya ang masa? Ang pinakamasugid sa kanilá ay titingin sa diksiyonaryo. Ngunit para mabigo. Kaya kailangan niláng marinig ang paliwanag ni Vim Nadera. (Kung sa bagay, baká wala naman silá ngayon sa CCP at táyo-tayo ring mga burges at edukado and audience ng Performatura.) Ngunit ang nais ko pang sabihin, kung tunay na gusto nating ibalik ang panitikan sa puso ng sambayanan at dapat muna nating titigang mabuti ang ating sarili. Dahil baká ang ninanais nating idulot sa kanilá ay ang ating sarili, at hindi ang kailangan niláng mahalín. Dahil baká pinaglalaruan din lámang natin, tulad ng mga politiko’t negosyante, and kaniláng puso’t kalooban.

Balikan ko pa ang press release. Bakit kailangang banggitin si Pio Zirimu? Dahil isa siyang lingguwistang taga-Uganda na naging matagumpay sa pagbúhay sa pantikang pabigkas. Ok lang. Ngunit, at ito ang aking malaking ngunit, kailangan bang sambayanan ang modelo ng Uganda para magbalik ng kaniláng pagmamahal sa panitikan?

Sa aking munting kaalaman, buháy na buháy ang panitikang pabigkas sa puso ng ating mga kababayan, lalo na sa kanayunang hindi nasasaula ng komersiyalismo’t mordernong teknolohiya. Sa gayon, ang higit nating kailangang palaganapin ay ang nása puso nilá bagaman sa paraang

binabago alinsunod sa ating adhikang pambansang pagbabago. Dapat táyong mag-umpisa sa mga anyo at wikang alam nilá.

Kagabi, ginawa kong palaisipan kong paano ko ba ipapaliwanag ang “performatura” sa aking mga kababayan sa Bulacan. Naghanap ako ng maitutumbas kong salitâ sa nais na ipakahulugan ni Vim Nadera sa “performatura.” Pinaglimian ko ang mga salitâng-ugat na “**tanghál**,” “**háyag**” o “**hayág**,” at “**ganáp**.” Pawang may aspekto ito ng ibig sabihin sa Ingles ng *performance*. Ngunit paglaon, inalis ko ang “tanghál” dahil higit na itong nakaugnay sa “**pagtatanghál**” na ginagámit sa pagsasadula at sa eksibit. Inalis ko rin ang “háyag” o “hayág” dahil waring higit na nauukol sa pagsasabi ng nása isip, gaya sa “**pahayagán**” o sa maramihang pagkilos gaya sa “**pama-mahayág**.”

Tinitigan ko ang “ganáp.” Sa matandang diksiyonaryo, may una itong kahulugang “*cumplimiento*” sa Español. Na kung isasaling muli sa Filipino ay katumbas ng “**pagtupád**” o “**katupáran**” ng isang gawain. Kung isa-salin sa Ingles, puwedeng “*execution*” at “*performance*.” Bilang pang-uri, ginagámit natin ito ngayong singkahulugan ng “**kompleto**” o “**lubós**” o kaya “**natupád na**” o “**nabuô na**.” Tinutukoy nitó ang isang trabaho o isang aktibidad na dapat tuparin o kumpletuhin. Kayâ ang trabaho o aktibidad ay “**nagaganáp**” hábang tinutupad o sa buong panahon ng pagtupad. Ang mga gumagawa o kalahok sa trabaho ay may “**gampánin**” o tungkuling dapat tupdin. Mula dito ang idyomatikong salitâng “**kagampán**” o buntis, dahil malapit nang matapos ang kaniyang gampanin.

Hindi ko hinahangad na magkaroon kayo ng hilig tulad ng bisyo kong magbuklat ng mga diksiyonaryo at tumitig sa ugat ng mga salitâ. Ngunit katulad din nitó ang kailangan nating sipag upang tuklasin ang ating mga tradisyonal na panitikang pabigkas. Hindi maari ang medyo-medyo lang. Kailangang ganap nating gagap ang nais nating palaganapin. Halimbawa, nabása kong may marathon reading kayo ng *Florante at Laura*. Napakagan-dang proyekto para muling akitin ang madla kay Balagtas. Dahil kinakata ang *Florante at Laura*. Kayâ tinawag itong “awit” ni Epifanio de los Santos. At may patunay si EDSA na narinig niyang inaawit ang mga saknong ng *Florante at Laura* ng isang magsasaka at ng isang bangkero hábang nagtatrabaho. Idadagdag ko pa na sana ay may talakayan sa kabuluhan ni Balagtas ngayon. Ang totoo, nais kong isúlong na kung iimbiba ng mga sikát na manunulat, mas pagsalitain silá hinggil sa paborito niláng panitikang-bayan.

Para mas makatulong silá sa adhika ng *Performatura*.

Ang ibig ko pang sabihin, mahabáng panahon ang kailangan para matupad ang adhika ng *Performatura*. Binabati ko ang CCP sa pagtangkilik ng pistang ito. Binabati ko si Vim Nadera at mga kasáma sa magandang proyektong ito. Sana magpatuloy at higit pa itong lumaganap. Sapagkat kapag nangyari iyon, magkakaroon ng katuparan ang adhika ngayon ng *Performatura*. Magkakaroon ito ng magandang---**Kaganápan**. At hindi ko ibig sabihin ang bastardong gámit ng akademya sa “kaganapan.” Ang “kaganapan” hindi bílang sinonimo lang ng “pangyayari” kundi ang “Kaganapan” bílang wakas o katuparan ng isang performance.

Kayod pa!

Ferndale Homes

30 Marso 2017